

Unang pag-inom ng Triquilar21

1 Buksan ang pakete at pagkatapos ay tanggalin ang madikit na calendar sheet.

Pakete ▶




2 Inumin ang unang tableta ng Triquilar21- sa unang araw nang pagdating ng regla.

1 Tanggalin ang day strip mula sa madikit na calendar sheet. Ang day strip na tatanggalin ay dapat tumutugon sa unang araw ng regla. Idikit ang day strip sa banig ng tableta kagaya nang nasa larawan sa ibaba. Itapon ang mga natira na day strip.



2 Alinsunod sa day strip at mga nakasulat na pana, magsimulang inumin ang light brown na tableta at sundan ito sa susunod na 21 araw ng isang tableta kada araw. Kailangang inumin ito sa parehong oras araw-araw. Kapag natapos inumin ang 21 tableta, itigil ang pag-inom ng gamot sa susunod na pitong araw. Pagkatapos inumin ang huling tableta, kadalasang may lalabas na parang regla sa panahong walang iniinom na gamot.

3 Niregla man o hindi, kapag nakalipas na ang pitong araw, magsimulang uminom ulit ng panibagong banig ng tableta.



4 Sa pagpatuloy sa pag inom ng Triquilar21, simulan ang bagong banig ng tableta sa parehong araw ng pagsimula sa naunang banig. Gamitin pa din ang day strip katulad ng tagubilin. t sa ①.

【Halimbawa】 Kung ang regla ay nagsimula ng Huwebes, Enero 6

Enero														Pebrero																							
6	7	8	9	10	11	12	13	14	15	16	17	18	19	20	21	22	23	24	25	26	27	28	29	30	31	1	2	3	4	5	6	7	8	9	10	11	12
木	金	土	日	月	火	水	木	金	土	日	月	火	水	木	金	土	日	月	火	水	木	金	土	日	月	火	水	木	金	土	日	月	火	水	木	金	
●	●	●	●	●	●	○	○	○	○	○	○	○	○	○	○	○	○	○	○	○	○	○	○	○	○	○	○	○	○	○	○	○	○	○	○	○	○

▲ Sa unang araw ng regla Lababasan ng dugo sa panahong ito ▲ Simulan ang bagong banig ng tablet
 月:Lunes, 火:Martes, 水:Miyerkules, 木:Huwebes, 金:Biyernes, 土:Sabado, 日:Lingo


Inumin ang tableta (o mga tableta) sa parehong oras araw-araw (halimbawa, bago matulog)

Dapat alalahanin ang mga sumusunod habang umiinom ng gamot na Triquilar21


● Kapag nakalimutang uminom ng tableta

【Halimbawa】 Kung ikaw ay uminom ng tableta pag 9:00 ng gabi araw-araw


● Kung naalala mong hindi ka nakainom ng isang tableta bago ang susunod na takdang oras ng paginom



● Kung naalala mong hindi ka nakainom ng isang tableta sa eksaktong oras ng pag-inom ng susunod mong tableta



● Kung nakalimot uminom ng mahigit sa isang tableta sa magkasunod na araw



Itigil pansamantala ang pag-inom ng gamot at gumamit ng ibang paraan ng contraception. Sa unang araw ng susunod na regla, magsimula ng bagong banig ng tableta.

● Ang mga sumusunod na sintomas ay maaring maranasan habang nasa una at pangalawang cycle nang pag-inom.

- Bahaygang pakiramdam na naduduwal o nasusuka
- Pamamaga ng suso ● Bahaygang pagdurugo sa pagitan ng buwanang regla

Ang mga sintomas ay pangkaraniwang nawawala habang patuloy ang pag-inom ng gamot. Kung may nararamdaman na hindi maganda, magpa-konsulta sa doktor o pharmacist.

● Kung merong nararamdaman na isa sa mga sumusunod na sintomas, itigil ang gamot at magpunta agad sa ER.

- Kamay at Paa- Biglaang pananakit, pamamaga, panghihina o pamamanhid ng paa
- Dibdib- Biglang hirap o kinakapos sa paghinga o pananakit ng dibdib
- Ulo- matinding pananakit ng ulo ● Bibig-pagkabalol o hirap sa pagsasalita
- Mata- Biglaang problema sa paningin at iba pa

● Itigil ang gamot at kumonsulta agad sa doctor kung may isa sa mga sumusunod na kondisyon o sintomas, kahit bahagya pa lang ang nararamdaman.

- Kung may nararamdaman na sintomasna maaring dahil sa nakabarang dugo sa ugat, Pananakit, pamamaga, pamamanhid, pamumula ng paa; , pananakit ng ulo, pagduduwal, pagsusuka, at iba pa
- Kapag hindi maigalaw ang katawan o kaya ay tumaas ang presyon, nade-dehydrate at iba pa

● Magpa-konsulta sa doktor kapag may mga sumusunod na kondisyon:

- Hindi nagkaroon ng regla sa panahon na sakop ng 7-araw na walang iniinom na gamot
- Tuloy-tuloy ang matinding pagtatae at pagsusuka
- Pag umiinom ng ibang gamot o health supplement
- Ikaw ay may mga laboratory tests ● Gusto mo na magbuntis
- May iba ka pang sintomas na nakakabagabag sa yo